# Manwal para mga Dayuhang Batang Paslit at mga Magulang

## 1 Edukasyon ng batang paslit sa Hapon

Ang edukasyon para sa mga batang paslit ay ang pagtuturo ng iba't ibang kakayahan sa pang-araw-araw na pamumuhay sa pamamagitan ng laro at paghubog ng kanilang pangunahing katangian. Inihahanda ng nursery ang isang kapaligiran na inuugnay ang pamumuhay ng batang paslit sa paglalaro at binibigyan sila ng nararapat na suporta. Bukod dito, hinuhubog ang mga bata sa pakikipagtulungan sa kanilang pamilya para ang bawat isa sa kanila ay lumaking mulusog.

### Kakayahan sa Pagtuturo ng Pamumuhay at Laro sa Nursery




#### ≪Malusog na pangangatawan at mga kagawian≫

Sa paglalaro at pamumuhay, magkaroon ng kamalayan kung ano ang kayang gawin sa loob ng oras na inuukol, hubugin ang malusog na pangangatawan at matutunan ang mga mahalagang kagawian at kaugalian sa pamumuhay.

#### ≪Kakayahang mag-isip at puspos na makaramdam≫

Sa pamamagitan ng laro, palakihin sila na hamunin ang sarili na ilang beses subukan ang hindi agad magawa, mapag-usisa, may kakayahang mag-isip at matiyaga. Palakihin rin sila na puspos na makaramdam sa pamamagitan ng iba't ibang karanasan.





#### ≪Pakikitungo sa kapwa≫

Palakihin ang mga bata na marunong makipagkapwa at mataas ang moralidad sa kanilang pakikitungo sa ibang matatanda bukod sa kanilang kaibigan at pamilya. Magkaroon rin ng kakayahan na makipag-usap gamit ang mga salita.

### Ginagamit na salita sa tahanan

Pinipilit mo ba ang iyong anak na magsalita ng Nihongo o pinipilit ninyong gamitin ang Nihongo sa inyong tahanan upang mabilis na matutunan ng bata ito at mabilis siyang gumaling sa Nihongo? Ang mga bata ay mabilis matuto ng wika at mabilis rin makalimot dito. Kapag Nihongo lamang ang gamit ng bata, unti-unti niyang malilimutan ang sariling wika, hindi na siya makausap ng mga magulang sa sariling wika at sa hinaharap kapag pinag-usapan ang mga bagay tulad ng pagpasok sa mataas na paaralan, maaaring hindi magkasundo sa pag-uusap. Pagkapasok ng bata sa elementarya, maraming mga salita ang kailangan sa leksiyon at mga konsepto ang pag-aaralan at habang tumataas ang grado, nagiging mahirap maunawaan ang mga ito. Kapag lubos ninyong tinuruan ng inyong sariling wika ang inyong anak, kahit hindi niya ito naintindihan sa Nihongo, maaari niya itong maintindihan kapag isinalin sa sariling wika. Mas mainam na kausapin ng magulang ang anak sa wika kung saan ang magulang ay bihasa kaysa pilit na gumamit ng Nihongo, sapagkat ang bata ay matututo ng tamang paggamit ng sariling wika at Nihongo at makakapagsalita ng parehong wika sa tamang paraan.

# 2 Isang Araw saYouchien / Hoikuen
## ～【　　】taong gulang na bata～



| LIFE / BUHAY | 【ORAS】 |
|---|---|
| Pasok sa Hoikuen | :　～　: |
| Snack sa Umaga | :　～　: |
| Laro at Aktibidad | :　～　: |
| Tanghalian ( School Lunch / Baon ) | :　～　: |
| Pahinga sa Tanghali | :　～　: |
| Meryenda sa hapon | :　～　: |
| Oras ng Pagsundo | :　～　: |
| Pagpapahaba ng Oras sa Hoikuen | :　～　: |

## Madalas na Katanungan

**①Kailan itinuturo ang hiragana･katakana ?**
Hindi pangunahing layunin ng mga Youchien at Hoikuen sa Japan ang akademiya. Walang itinuturo na tulad ng “Wika” dito. ( Base sa edad, interes at hilig ng mga bata, ang mga karakter sa pagbasa at pagsulat ay matutunan sa mga aktibidad ng paglalaro at pamumuhay sa Youchien at Hoikuen. )

**②Kailan magsisimula ang pag-aaral ng Math ?**
Hindi pangunahing layunin ng mga Youchien at Hoikuen sa Japan ang akademiya. Walang itinuturo na tulad ng “Math” sa pag-aaral. ( Base sa edad, interes at hilig ng mga bata, ang pagbasa at pagsulat ng mga numero ay matututunan sa mga aktibidad ng paglalaro at pamumuhay sa Youchien at Hoikuen. )

**③Bakit manipis pa rin ang damit ng mga bata kapag taglamig?**
Ito ay upang maging malusog ang katawan ng bata. Mas mainit ang katawan ng bata kumpara sa matatanda at mas madali silang pagpawisan kung kaya’t manipis na damitang dapat sa kanila.

**④Bakit hindi nagmemedyas sa Youchien･Hoikuen ?**
Maaaring madulas ang bata kapag naglalakad sa loob ng silid-aralan o pasilyo. Ito ay maaaring maging dahilan ng aksidente. Upang maiwasan ito hindi pinagsusuot ng medyas ang mga bata.

**⑤Nais kong lagyan ng hikaw, kuwintas o palamuti sa katawan ang bata?**
Sa Japan, hindi pinagsusuot ng palamuti sa katawan ang mga bata. Kung may hikaw kuwintas o iba pang palamuti habang naglalaro ay maaaring masugatan ang mga ito.
Halimbawa, maaaring makasugat sa kapwa bata kapag tinamaan ng kalaro ng may suot na hikaw na may tulis, o kaya nahablot ng kalaro nito ang suot na kuwintas, na posibleng makasakal dito. Ang lahat naman ng mga bagay na mahahawakan ng sanggol ay maaaring isubo sa bibig. Kapag ang mga kuwintas o hikaw ay malaglag at maisubo nito at malunok, malaking kapahamakan ang mangyayari. Hindi pinapayagang gumamit ng ano mang palamuti ang mga bata para maiwasan ang pagkasugat at makasugat sa kalaro.

# 3 Youchien (kindergarten) / Hoikuen (nursery)

## (1) Paglipat at Youchien (kindergarden) / Hoikuen (nursery)

・Sundin ang takdang oras. (　　:　　)A.M Huwag pumasok nang mas maaga pa rito.
・Pumasok hanggang(　　:　　)A.M tumawag agad sa Youchien・Hoikuen kung hindi agad maihahatid ang bata.
・Ipaalam muna sa guro kung may ibang maghahatid sa bata.

**★Ihatid ang bata nang** (　　:　　)～(　　:　　)
**★Oras ng Sundo** (　　:　　)～(　　:　　)

※Kung kailangang ihatid nang mas maaga ang bata, ipaalam muna ang araw na ito sa guro. Maaaring may karagdagang bayad kung mas maagang ihahatid ang bata.
Ipaalam rin agad muna sa guro kung mahuhuli sa oras ng pagsundo. Maaaring may karagdagang bayad kapag hindi agad nasundo ang bata.
※Magpaalam sa guro kapag nasundo na ang bata at uuwi na. Maaaring akalain ng guro na biglana lang nawala ang bata kung hindi magpapaalam.

## (2) Kung hindi papasok /Huli sa Pagpasok

・Tingnan muna ang kundisyon ng bata. Wala bang kakaiba sa bata ? Kung hindi masigla ang bata o inaakalang may sakit ito, huwag papasukin sa Youchien・Hoikuen.
・Kung hindi papasok sa Youchien・Hoikuen tumawag agad sa araw na iyon hanggang (　oras　minuto) A.M. Tumawag kaagad kung hindi makakapasok ang bata sa anumang dahilan.
・Kung mahuhuli sa klase, tumawag hanggang(　oras　minuto) Sa pagtawag, sabihin kung anong oras makakarating sa Youchien・Hoikuen.
(Paunawa) Sa Japan, may pasok kahit na umulan o magkaroon ng snow.
Walang dahilan upang hindi pumasok kung masama ang panahon. Tumawag sa Youchien・Hoikuen kung hindi papasok.
(Paunawa) Minsan ay natataong araw ng Sabado o Linggo ang okasyon o pag- diriwang.
Siguraduhing tumawag kung hindi makakapasok sa takdang araw na ito.

## (3) May Sakit・Sugat

・Sa umaga, tingnan mabuti ang kundisyon ng bata at itawag agad sa Youchien・Hoikuen kung may kakaibang napansin. Lalo na sa mga ganitong kundisyon.

| | |
|---|---|
| **・Mataas ang lagnat** | **・Nagtatae (malambot ang dumi)** |
| **・Nagsusuka (Inilalabas ang kinain)** | **・Inuubo** |



## (4) Biglaang (Emergency) Pagtawag

Sa oras na nagkasakit, nagkasugat, lumindol o nagkaroon ng anumang kalamidad, tatawagan ng Youchien o Hoikuen ang mga magulang / tagapag-alaga. Sa ganitong pagkakataon, sunduin agad ang bata kapag ito ay mangyari sa anumang oras ng araw.
Kapag may babala ng lindol, bagyo o malakas na pag-ulan, kahit na walang tawag galling sa Youchien o Hoikuen, kung maaari ay sunduin agad ang bata.At kung sakaling hindi agad masusundo ang bata, humanap ng ibang puwedeng sumundo. Sa ganitong pagkakataon , itawag o ipaalam sa Youchien o Hoikuen kung sino at anong pangalan ng kapalit na taong susundo.

## (5) Babala at Mapanganib

Kindergarten sara do ang paaralan ng nursery(Makakansel) .ay panahon na upang ipahayag. ang isang alerto. Nagbigay na alerto kapag ito ay kinatawan kindergarten tulad na dati maaaring pumunta sa nursery.Gayun paman kapag mapanganib ito panganib ito manatili na la mang sa loob ng bahay suriin kung ang isang alerto. babala ay inisyu mayroong ibat ibang mga paraan upang gawin ito.

**① manood ng tv ② makinig ng radio ③ tingnan sa internet**



Alamin kung ang bagyo ay nakapasok na sa teritoryo ng Japan at kung may babala na dito.


## (6) Tungkol sa tanghalian sa paaralan

・Ang kyuushoku ay ang( pagkaing tanghalian ) sa Youchien・Hoikuen. Ito ay ihinahanda na balanse sa nutrisyon. Hinde libre ang kyuushoku. Kailangan itong bayaran buwan-buwan.
(Ang halaga ng kyuushoku ay kasama na satuition).

・Kung mayroong pagkain na ipinagbabawal kainin ayon sa relihiyon, kinakailangang ipabatid ito nang maayos sa guro ng Youchien・Hoikuen ng magulang o tagapag-alaga. Mayroong pagkakataon na kinakailangan ang tulong ng magulang upang matugunan ang mga suliraning tulad nito.

・Kung mayroong bawal na pagkain dahil sa allergy, kinakailangang ipabatid ito nang maayos sa guro ng Youchien・Hoikuen ng magulang o tagapag-alaga.

## (7) kung mayroon bang Impeksyon



・Maaaring hindi makapasok sa Youchien・Hoikuen kung magkarooon ng impeksyon.
Kailangang kumonsulta muna sa doktor kung maaari nang pumasok.

●Kung hindi makakapasok sa Youchien・Hoikuen

Kapag nakakahawa, hindi maaaring pumasok upang maiwasan ang makahawa ng ibang bata. Alagaan ang bata sa bahay. Kailangan ang **Shusseki Teishi Shoumeisho (School Absences Certificate)**. Alamin ang ukol dito.

・Matapos gumaling at papasok na sa Youchien・Hoikuen…Kumonsulta muna sa doktor kung maaari nang pumasok at humingi ng **Touen Kyoka Shoumeisho (Certificate to Attend the School)** . Sertipiko sa pagpasok upang ipasa sa prinsipal.

## (8) Paugunahimg mga kaganapan

・Nyuuenshiki ( Seremonya ng Pasukan )
・Katei Houmon ( Pagbisita ng Guro sa Tahanan
・Kobetsu Kondankai ( Pag-uusap ng guro at magulang )
Kurasu Kondankai ( Pag-uusap ng mga guro at mga magulang sa klase )
・Sankanbi ( Pagbisita sa Youchien ) / Hoiku Sankan ( Pagbisita sa Hoikuen ) ／
Hoiku Sanka ( Partisipasyon )
・Ensoku (ekskursyon o fieldtrip)
・Pool
・Bousai ( Pag-iwas sa Sunog / Kalamidad )
Hinan kunren (Pagsasanay para sa pag-iingat kung may lindol o Sunog)
・Undoukai ( Sports Festival )
・Sotsuenshiki (Graduation) / Shuryoushiki (Pagtatapos)

